



*Editoryal*

## Samantalahan ang pampulitikang krisis ng rehimeng US-Arroyo

**A**ng pagkabunyag ng mga *audio tape* na tumutukoy sa tuwirang pagkakasangkot ni Gloria Arroyo at pakikipagsabwan niya sa mga upisyal ng COMELEC sa pandaraya sa halalang 2004 ay lalong nagpapasidehi sa krisis pampulitika ng rehimeng US-Arroyo. Ito na ang pinakamalaki sa sunud-sunod na mga iskandalong kagagawan ng rehimen. Labis itong naka-panggagalit sa mamamayan at yumayanig ngayon sa rehimen. Pumutok ito halos kasabay ng pagkakalalantad ng tuwirang pagkakasangkot ng pamilyang Arroyo sa hwteng.

Nasa bingit ng pag-bagsak ang rehimeng Arroyo. Lubha na itong nahihiwalay sa mama-mayan at lalo pa itong nahihiwalay sa mga tangka nitong ilagan ang mga iskandal. Palawak nang palawak ang hanay ng mama-mayanang naninindigan, determinado at kumikilos upang igiit ang pagpapatalsik sa bulok, papet at pasistang rehimeng Arroyo.

Ang pagbubunyag ng pandaraya ni Arroyo sa eleksyon at pagkakasangkot ng kanyang pamilya sa hwteng ay gumagatong sa galit ng mamamayan. Ang ma-



**Mga tampok sa isyung ito...**

Iskandal sa hwteng at ang 'Gloria-gate'

PAHINA 4

Protestang anti-Arroyo, lumalawak

PAHINA 5

Palparan, pusakal na pasista

PAHINA 8

linaw na pagkakalantad ng mga kabulukan sa gubyerno at pandaraya sa eleksyon ay nagsisilbing mahalagang kongkretong aral sa mamayan tungkol sa kahungkagan ng mga eleksyon sa ilalim ng reaksyunaloyong estado at sistemang pam-pulitika.

Bago pa man ito'y naglalagablab na ang galit ng mamayan sa rehimeng Arroyo dahil sa pagpapataupad nito ng mga makadayuhan at mapang-aping patakaran sa ekonomya na nagpapalala sa paghihirap at pagdurusa ng bayan, sa kabib-kabilang kaso ng malakihang korapsyon at iba pang anomalya, sa bulag na pagpapakatuta sa US at sa mga pasistang atake at panunupil sa mga demokratikong pwersa at mamayan lumalaban.

Upang ilihis ang galit ng mamayan at pigilan silang lumahok sa mga demonstrasyon, pinalalabas ni Arroyo na anumang paglaban sa kanyang rehimeng ay pakana lamang ng iilang grupong may makasariling interes, gustong umagaw sa kapangyarihan at idiskaril ang diumano'y napipintong pagsulong ng ekonomya. Sumisigaw si Arroyo ng "destabilisasyon" upang palabas ng simpleng pakikipag-agawan



**Upang ilihis ang galit ng mamayan at pigilan silang lumahok sa mga demonstrasyon, pinalalabas ni Arroyo na anumang paglaban sa kanyang rehimeng ay pakana lamang ng iilang grupong may makasariling interes, gustong umagaw sa kapangyarihan at idiskaril ang diumano'y napipintong pagsulong ng ekonomya.**

lang sa pampulitikang trono ang nasa likod ng mga ito, gipitin ang mga karibal nito sa pulitika at bigyang-matwid ang paggamit sa armadong pwersa ng estado at panunupil sa mga demonstrasyon.

Subalit di mapipigilan ng mga maniobrang ito ang mamayan na magkaisa at kumilos upang igiit ang pagpapatalsik kay Arroyo mula sa Malakanyang. Araw-araw ay lumilinaw na ang kanilang mga idinadaing na problema sa kabuhayan at pulitika at mga iginigiit na kag-yatang lunas sa mga ito ay hindi makakamit hangga't hindi napatastalsik si Arroyo sa poder. Ang pangungunyapit ni Arroyo sa poder ang pinakamalaking hadlang sa kanilang kahilingan para sa makata-rungang karagdagang sahod at sweldo; pagbabasura sa *oil deregulation law* at pagrolbak sa presyo ng mga produktong petrolyo; pagbababa ng singil sa kuryente at tubig, matrikula at presyo ng iba pang saligang pangangailangan; pag-uuong sa mga karagdagang buwis; pagtigil sa pagbabayad sa mga dayuhang utang; pagdaragdag ng badyet sa edukasyon, kalusugan at iba pang serbisyon panlipunan; pagwawakas sa panunupil sa mga demokratikong organisasyon at partido; pagtigil sa mga pagpatay at militarisasyon sa maraming dako ng bayan; pagwawasto sa mga pandaraya at anomalya sa eleksyon; at iba pang mga karaangan at inaasam ng mamayan.

Sinasalamin ng kasalukuyang krisis pampulitika ang sidhi ng krisis ng buong naghaharing sistema. Nagmumula ito sa tuluy-tuloy na pagkakahiwalay sa mamayan ng naghaharing reaksyunaloyong pangkatin na walang ginawa kundi lang ilugmok ang mamayan sa kumunoy ng malubhang kahirapan at masidhing kaapihan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Nagmumula rin ito sa umiigting na tunggalian sa hanay ng mga reaksyunaloyong pulitiko dulot ng pagkitid ng benepisyo mula sa burukratikong korapsyon at pagkaganid sa kapangyarihan at dam-bong ng pangkating Arroyo.

Ang matinding krisis pampulitika na kasalukuyang yumayanig sa rehimeng Arroyo ay bahagi ng nagpapatuloy na krisis ng naghaharing sistema na nagresulta sa pagbag-sak ng rehimeng Estrada noong

# ANG BAYAN

Taon XXXVI Blg. 12 Hunyo 21, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

### Editoryal

Samantalahin ang pampulitikang krisis ng rehimeng Arroyo

1

Ang pinakamatitinding dagok sa rehimeng Arroyo

4

Mga protestang anti-Arroyo, lumalawak "Pakanang destabilisasyon"

5

Palparan, pusakal na pasista

8

Pati ba naman mga bata?

9

Bigo ang berdugo

9

Pangangamkam ng lupa sa Cagayan Valley

10

### Sa ibayong dagat

Terorismo ng US

11

Mga sikreto nina Bush at Blair, nabunyag

12

### Balita

13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

2001 at, bago ito, ng diktadurang Marcos noong 1986. Mabilis na muling nahihinog ang krisis na ito. Umuusbong ang mga salik at pwersa na nagsasanib-sanib sa isang malakas na daluyong ng protestang anti-Arroyo. Matingkad na posibilidad ang pagbagsak ng rehimeng pamamagitan ng malalawak na demonstrasyon ng mamamayan sa lansangan at mga prosesong ligal kaakibat ang naaangkop na paggamit ng mga sandatahang pwersa.

Lalo pang nalalapit ang katapsan ng rehimeng US-Arroyo. Maaari itong maganap sa mga susunod na bahagi ng nagpapatuloy na mga labanang pampolitika. Sa harap ng mga iskandalo at mga protesta, habang nagtagal sa poder, lalong nagging inutil ang rehimeng Arroyo.

Kailangang samantalahin ng rebolusyonaryong kilusan ang kasalukuyang pampolitikang krisis sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng programa ng demokratikong rebolusyonaryong bayan at ng pinagsisikapang makamit na mga tagumpay sa kagyat na sumusunod na mga taon. Napakainam ng kundisyon upang lalong mapatimo sa isip ng milyun-milyong Pilipino na tanging sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyonaryong bayan sila maaaring lumaya mula sa tiwali at bulok na gubyerno at kinasasatlakan nilang malakolonyal at malapyudal na sistema.

Bago pa man pumutok ang krisis na yumayanig sa rehimeng Arroyo, inatasan na ng pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga rebolusyonaryong pwersa na isulong ang demokratikong rebolusyonaryong bayan sa susunod na baitang ng kasalukuyang yugto ng digmang bayan at pabilisin ang pagbabsak sa naghaharing rehimeng. Sa harap ng malaking kaguluhanang pampolitika na yumayanig sa naghaharing sistema, lalong dapat puspusang samantala-

hin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang napakainam na sitwasyon at pagkakataon para sa lahatang-panig at ibayong pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Kailangang ubos-kayang pukawin, organisahin at pakilusin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang masa laban sa kasalukuyang rehimeng. Kailangan nilang samantalahin ang mainam na pagkakataon para sa pagpapalawak ng nagkakaisang prente, lalong pagpapalalim ng hidwaan sa hanay ng kaaway at pagbabagsak sa naghahari at pinakamasasahol ngayong kaaway. Ang pagbubuo ng malawak na kilusang masa at nagkakaisang prenteng anti-Arroyo at pagtataguyod nito ng adyendang maglalaman ng pinakamahihigpit na kahilingan ng mamamayan ang susi sa pagpapakilos sa kanila para patalsikin si Arroyo.

Ang kasalukuyang sitwasyon ay nagbubukas ng pagkakataon para sa lalong mabilis na pagpapalaki ng mga rebolusyonaryong pwersa at ilang ilit na pagpapalawak sa hanay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Kailangang magpakahusay sa mga pawalis na paraan ng pagpopropaganda at pag-oorganisa, kabilang na ang mga malawakang ligal at hayagang pagkilos, habang puspusang tinitiyak ang mga plano sa konsolidasyon.

Malawak na hanay ng iba't ibang mga pwersa ang natitipon sa isang nagkakaisang prenteng anti-Arroyo. Kabilang dito ang demokratiko at makamasang mga organisa-

syon, mga grupong relihiyoso, mga nasa oposisyong pulitikal, mga dis-gustadong pwersang militar, mga naghahangad ng mga repara at pagbabago at iba pa.

Pinalalawak ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang saklaw ng pagkilos nito at pinalalakas ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Kailangang maglunsad

ang BHB ng marami pang mai-pagtatagumpay na mga taktikal na opensiba laban sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at iba pang armadong pwersa ng estado.

Sa pagpapating ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, nakapag-aambag nang

malaki ang BHB sa pagpapahina at pagpapatsik sa rehimeng Arroyo. Nasasamantala nito ang lumalalang kaguluhan at hidwaan sa loob ng AFP. Nababanat at nailalayo ng BHB ang mga reaksyunaryong armadong pwersa mula sa mga sentro ng mga pagkilos ng masa. Ang mga tagumpay sa armadong pakikibaka ay lalong nakapagbibigay ng inspirasyon sa mamamayan na isulong ang pakikibaka laban sa bulok, papet at pasistang rehimeng.

Para sa mamamayan ng Pilipino, isang magandang bagay ang kasalukuyang krisis na ibayong yumayanig sa rehimeng Arroyo. Naghahain ito ng pagkakataon para sa pagsusulong ng kanilang pinakakagyat na mga kahilingan. Nagbubukas ito ng pagkakataon para makamit ng digmang bayan ang mga panibagong baitang ng kongkretong tagumpay at lalong mapalapit sa ganap na tagumpay.

AB



# Ang pinakamatitinding dagok sa rehimeng ni Gloria Arroyo

**M**atapos ang halos dalawang linggong pampublikong pagdinig sa senado, humarap nitong Hunyo 8 ang isang testigong may tuwirang kaalaman sa pagkakasangkot nina Rep. Miguel "Mikey" Arroyo, anak ni Gloria Arroyo, at Rep. Ignacio "Iggy" Arroyo, bayaw ng presidente, sa suhulan sa hweteng.

Ibinunyag ni Sandra Cam, na umaming sangkot sa operasyon ng hweteng, na tigkakalahating milyong piso (₱500,000) ang inihahatid niya sa magtiyuhihing Arroyo tuwing sasapit ang ika-22 ng bawat buwan bilang bahagi nila sa kita mula sa iligal na sugal sa Bikol. Ang parte ng mga kamag-anak ng presidente ay tinitipon umano ni Chief Superintendent Restituto Mosqueda, dating hepe ng Philippine National Police sa rehiyon.

Bago lumitaw si Cam, may ilang testigo nang iniharap sa imbestigasyon ang grupong Crusade Against Jueteng na pinamumunuan ni Arsobispo Antonio Cruz ng Pangasinan. Nagpahayag ang mga testigo na tumatanggap ng suhol ang mga kamag-anak ni Arroyo.

Ayon kay Cam, mula Setyembre 2004 hanggang Marso 2005, tuluy-tuloy ang pag-intrega ni Mosqueda ng suhol sa mga Arroyo. Kabilang umano ito sa mga kundisyon ng pagkakatalaga sa kanya bilang *regional director* ng pulisia sa Bikol. Dagdag pa ng testigo, siya ang naging tagahatid ng suhol dahil kaibigan niya si Mosqueda.

Mula Agosto 2004, lingguhang nangongolekta si Cam ng ₱100,000 mula sa mga *jueteng lord* sa Sorsogon, ₱250,000 mula sa Albay, ₱350,000 mula sa Camarines Norte at ₱187,500 mula sa Camarines

Sur. Nangangahulogan ito ng mahigit ₱40 milyong taunang koleksyon mula lamang sa apat na prubinsyang naturan.

Nito namang Hunyo 10, lumanlad si Atty. Samuel Ong, dating *deputy director* ng National Bureau of Investigation (NBI) para ihayag na

hawak niya ang mga oriinal na teyp na

naglalaman ng pakikipag-usap ni Gloria Arroyo kay COMELEC Commissioner Virgilio Garcillano ukol sa pandaraya sa nakaraang pambansang eleksyon. Ang mga teyp na ito ang nasa gitna ng tinatagurian nangyong "Gloriagate."\*

Ayon kay Ong, ang apat na teyp ay resulta ng *wiretapping* o paniniktek sa telephone na ginawa ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP). Maririnig mula sa naturang mga teyp ang tuwirang pag-uutos ni Gloria Arroyo sa mga upisyal ng COMELEC na dayain ang bilangan at ipanalo siya nang di bababa sa 1,000,000 boto. Makukuha mula sa teyp ang napa-

kadetalyado at napakahigpit na mga instruksyon ng presidente sa mga upisyal ng COMELEC para matiyak ang kanyang pagwawagi.

Bukod sa presidente, maririnig din sa teyp ang mga boses nina dating Sen. Robert Barbers at iba pang kapanalig ng administrasyon na nagmamaniobra upang dayain ang bilangan ng boto.

Ang mga teyp ay natanggap ni Ong mula kay T/Sgt. Vidal Doble, ahente ng ISAFP, na kasama niyang kumanlong sa San Carlos Seminary sa Makati City upang ibunyag ang anomalya.

**T**arantang-taranta ang Malakanang sa pagsambulat ng mga iskandalo.

Agad hinawakan ng ISAFP ang asawa at mga anak ni Doble upang pwersahing bumaligtad ang ahente. Nang mapasakay na ng ISAFP si Doble, itinatwala niya ang kanyang papel sa pagkabunyag ng mga teyp. Pinalalabas ngayon ng rehimeng kinidnap ni Ong si Doble at

hindi boluntaryo ang pagtungo niya sa San Carlos Seminary. Alinsunod sa nagkabuhul-buhol na iskrip na gawa ng Palasyo, kung sinu-sino na ang idinadawit ni Doble sa kaso upang pabalasing ang lahat ay gawa-gawa lamang ng mga kalaban ng rehimeng. Noong una ay pinalabas ng mga pulis na nagpahayag ang ahente na binayaran siya ni dating Rep. Oscar Orbos upang ibunyag ang mga teyp. Nang hindi makatindig ang gayong alegasyon, ang itinuro na



\*Paghalintulad ito sa "Watergate Scandal" sa US noong 1974 na ibinunsod ng pagkabunyag ng iligal na paniniktek ng Republican Party sa hedkwarters ng karibal na Democratic Party kaugnay ng nalalapit na eleksyon presidensyal noon. Dahil sa iskandalong ito, napwersang magbitiw si Richard Nixon, presidente noon ng bansa.

man ng pulisya ay si Laarni Enriquez na kabit ni Joseph Estrada, upang palabasing pakana ng dating presidente ang pagbubunyag.

Naging katawa-tawa naman ang *reenactment* o pagsasadula ng mga nangyari na ipinagawa ng Criminal Investigation and Detection Group kay Doble sa harap ng midya. Ang naturang *reenactment* ay hindi tumugma sa naunang sinumpaang salaysay ng ahente.

Hindi rin magkandatuto ang rehimen kung anong kaso ang isasampa laban kay Ong. Kung sasampahan ito ng *wiretapping*, obligadong aminin muna ng presidente at ng iba pang nasasangkot na boses nila ang nasa mga teyp. Kung *kidnapping* naman, maraming testigong makapagpapasinungaling dito kabilang na ang ilang obispong kumukop kina Ong at Doble. Bandang huli, *inciting to sedition* o pang-uudyok ng pag-aalsa na lamang ang isinampa nito laban sa dating upisyal ng NBI.

Patuloy pa rin ang paghahagilap ng rehimen ng kahit anong maipaninira kay Ong at iba pang testigo sa mga nabunyag na iskandalo. Pinalalabas ngayon ng NBI ang umano'y matagal nang ugnayan nina Sandra Cam at Ong upang palitawing may nagaganap na sabwatan upang siraan ang gubyernong Arroyo.

Halos malunod naman si Justice Sec. Raul Gonzales sa papalaking bilang ng gusto niyang kasuhan. Kabilang daw sa mga ito ang sinumang magkaroon ng

kopya ng CD na naglalaman ng usapan nina Arroyo at Garcillano. Kalat na ang gayong mga CD dahil mabibili na ito sa mga bangketa sa Kamaynilaan at marami pang syudad. Makukuha na rin sa *internet* ang kontroversyal na mga rekord ng usapan. Pati raw ang sinumang gagamit ng napakapopular nang *ringtone* sa *cell-phone* na "Hello, Garc?" ay maaaring managot sa basas.

Walang dudang mga boses nga nina Arroyo, Garcillano at iba pa nilang kakutsaba ang laman ng mga teyp. Anupa't nagtatago at di na mahagilap ngayon si Garcillano. Patuloy naman ang pagtanggi ni Gloria Arroyo na magsalita kaugnay ng isyu. Ang pananahimik na ito ng presidente ay lalo pang kumukumbinsi sa nakarami na totoo ang laman ng mga teyp. Maging ang ilang kapartido at alyado ni Arroyo ay kumbinsido nang nalalagay sa panganib ang rehimen sa pananahimik ng presidente.

Lahat ay ginagawa ng Malakanyang upang supilin ang mga patunay sa mga krimen nito at umilag sa mga dagok ng nabubunyag na mga iskandalo. Ngunit sa tindi ng mga tinatamong bigwas, hindi na makagulay ang rehimen.

Sa harap ng nalalantad na mga kawalanghiyaan ng gubyernong Arroyo, nagbabadyang sumambulat ang malaon nang kumukulong galit ng mamamayan sa rehimen.

AB

## Mga protesta laban kay Arroyo, lumalawak



**U**nti-unting lumalawak ang mga protestang bayan upang pataksikin sa poder si Gloria Macapagal-Arroyo mula nang pumutok ang mga iskandalo sa hweteng at ang tinataguriang "Gloriagate."

Dumalo ang 10,000 sa Maynila at 20,000 sa Bacolod City para idaos noong Hunyo 11 ang National Day of Mourning (Pambansang Araw ng Pagluluksa) sa pangunguna ng apat na obispong Katoliko at ng kinaaaniban nilang Kilusang Makabansang Ekonomiya. Bukod sa pagtulisa sa pagkakasangkot ni Arroyo sa pandaraya noong nakaraang eleksyon, binatikos din sa rali ang mga patakaran sa ekonomya ng rehimeng Arroyo na nagpapahirap sa mamamayan.

Noong Hunyo 16, binuo ang University of the Philippines Alliance for Arroyo's Removal (UP AWARE), isang alyansa ng mga estudyante, guro, mananaliksik, ka-

wani at administrador ng unibersidad na matinding bumabatikos sa kasalukuyang gubyernong nakatuntong sa kasinungalingan at pandaraya. Ipinanawagan ng alyansa ang pagtatanggal kay Arroyo sa pamagitan ng "pagbibitiw, *impeachment* o pagpapatsik." Ayon kay Francisco Nemenzo, dating pangulo ng UP, at isa sa mga *convenor* ng UP AWARE, sa paraang ekstrakonstitusyunal lamang malilinis ang kasalukuyang pamahalaang ballot sa korapsyon at pinamumunuan ng mga elitistang politiko.

Sinundan ito ng rali-protesta na idinaos noong Hunyo 17 ng mga progresibong mambabatas at ng mga sektoral na organisasyon sa

harap ng pambansang upisina ng Commission on Elections (COMELEC). "Katotohan, huwag pigilan!" ang isinaad sa ilang plakard na pumapatungkol sa patuloy na pagsisikap nina Arroyo at Commissioner Virgilio Garcillano na lusutan ang iskandalong ibinunsod ng Gloria-gate. "Gloria bumaba ka na!" ayon sa ilan pang plakard.

Sa sobrang baho ng kasalukuyang administrasyon, dumidistansya na rin maging ang dating masusugid na alyado at tagasuporta ng rehimeng Arroyo. Noong Hunyo 17, nagpalabas ng pinag-isang pahayag ang mga kinatawan ng 20 organisasyong tumatawag sa sarili na "civil society," tulad ng Code-NGO, mga negosyante, mga relihiyoso at maging ang ilang kapartido at myembro ng gobyerno ni Arroyo. Iginiit nila na kailangang magsalita at magpaliwanag na si Arroyo tungkol sa nabulgar na pandaraya sa nagdaang eleksyon. Anila, "...kung siya ang nasa teyp ... dapat nga siyang magbitiw sa pwesto, pati na si Vice Pres. Noli de Castro at ang mga komisyuner ng COMELEC."

Marami ring naglitawang malikhaing porma ng protesta. Lumalaganap na parang pandesal sa Maynila at iba pang bayan ang tig-P5 mga *compact disc* (CD) na naglalaman ng pag-uusap nina Arroyo at Garcillano. Usong-uso na rin ang *ringtone* sa *cellphone* na

"Hello! Garci?" na kumukutya kay Arroyo. Ayon sa TXT Power, isang grupong nagtagataguyod sa interes ng publikong gumagamit ng mga *cellphone*, ang mga ito ay ekspresyon ng malawakang disgusto ng sambayanan sa rehimeng. Napakapopular ngayon ng *website* ng TXT Power kung saan makukuha ang iba't ibang bersyon ng *ringtone* at sarisaring biro at pangungutya sa gobyernong Arroyo.

Upang palabasing buo pa rin ang kontrol ni Arroyo sa gobyerno, lumipad siya patungong Hongkong nitong Hunyo 20 para manghimok ng mga dayuhang kapitalista na mamuhunan sa Pilipinas. Subalit sinalubong siya roon ng protesta ng mga migranteng Pilipino. Sa pamumuno ng United Filipinos in Hongkong (UNIFIL-HK), nagrali ang mga Pilipino sa harap ng hotel na tinuluyan ni Arroyo at nanawagang pataksin ang presidente.

Nito ring Hunyo 20, nabuo ang koalisyon ng BAYAN, mga organisasyong relihiyoso at mga grupong maka-Estrada upang ipanawagan ang pagpapatalsik kay Arroyo. Ang nabuong koalisyon ay mangunguna sa isang kilos-protesta sa Hunyo 24. Isa ring kilos protesta ang nakatakdang ilunsad ng isang grupo ng mga retiradong heneral sa pamumuno ni Gen. Fortunato Abat sa Hunyo 25.

AB

*Sa bawat mabigat na dagok sa rehimeng:*

## "Pakanang destabilisasyon"

**P**akanang destabilisasyon" ang lagi't lagi nang palusot nina Gloria Arroyo sa mabigat na dagok at malalakas na pagkilos laban sa rehimeng. Pinalalabas ngayon nina Arroyo na bahagi lamang ng "pakanang destabilisasyon" ang kumakalat na mga *audio tape* ng Gloria-gate na naglalaman ng pag-uusap nina Gloria Arroyo at COMELEC Commissioner Virgilio Garcillano at ng iba pang kakutsaba ng Malakanang sa pandaraya sa nakaraang halalan.

Kasunod na kasunod lamang ito ng pagbubunyag ni Arsobispo Oscar Cruz at iba pang mga testigo tungkol sa pagkakasangkot ng asawa, anak at bayaw ni Gloria Arroyo sa iligal na operasyon ng hwteng na ayon sa mga alipures ni Arroyo ay isa ring "pakanang destabilisasyon".

Nais ilihis ng ganitong pagpalusot ang lumalawak na pagkamuhi at pagbatikos na ibinunga ng mga iskandal. Kasabay nito, binibigyang-katwiran nito ang panunu-


pil at pananakot sa mga naglalakas-loob na magiswalat ng mga anomalya at krimeng kinasasangkutan ng pamilyang Arroyo at mga upisyal ng rehimeng. Hinahadlangan ang nasi-mulan nang mga imbestigasyon. Nagmamaniobra ang pangkating Arroyo upang palabasing ang mga nangyaring pagbubunyag ay

gawa-gawa lamang ng kampo ng pinatalsik na presidenteng si Joseph Estrada at iba pang kalaban sa pulitika.

Hindi na bago ang ganitong mga taktika ng rehimeng Arroyo.

Mula nang maupo si Arroyo sa poder, palasak ang paggamit ng rehimeng sa bansag na "pakanang destabilisasyon" upang pabulangan ang lahat at anumang pagkilos na kumukwestyon sa pagkalehitimo at patuloy na paghahari ng rehimeng. Ito ang ibinansag ng rehimeng sa pagkilos ng daan-libong maralitang-lunsod sa harap ng

Malakanyang noong Mayo 1, 2001 at ikinatwiran sa ginawang pandarahan sa mga nagrali roon.



“Pakanang destabilisasyon” din ang itinawag ng Malakanyang sa pagpapahayag ng protesta ng mga sundalo at nakabababang upisyal ng AFP sa Oakwood Hotel noong Agosto 2003. Itinulak lamang di-umano ang mga ito ng hayok sa kapanyarihang mga kalaban ng rehimens. Tinangka nitong tabunan ang mga lehitimong usaping inihapag ng mga nagpoprotesta, takutin ang sambayanan sa mga umano'y negatibong epekto ng mga ganitong pagkilos sa ekonomya at kabuhayan at ipamukha sa mga karibal nito sa pulitika na gaganwin nito ang lahat upang makapanatili sa poder.

Matapos ang dalawang tangkang patalsikin siya sa poder, sinaklaw na ng “pakanang destabilisasyon” ang lahat ng pangayari na may negatibong epekto sa reputasyon at katayuan ni Arroyo. Noong 2003, binansagan ni Arroyo na bahagi ng “pakanang destabilisasyon” ang sunud-sunod na panloloob ng mga kriminal sa mga bangko sa Metro Manila. “Pakanang destabilisasyon” din daw ang mga pangingidnap sa mga negosyanteng Filipino-Chinese noong taon ding iyon.

May mga kagyat na banta man o wala sa paghahari ng rehimens, lantaran nitong ginagamit ang pananakot ng “pakanang destabilisasyon” upang bigyang-katwiran ang paggamit ng sobra-sobrang powersang militar at pulis upang supilin ang karapatan ng mamamayan sa malayang pagtitipon at pamahayag. Kabilang dito ang marahas na pagsupil sa demonstrasyon noong Hunyo 2004 laban sa pandarya sa eleksyon at ang pagbuwag sa mga demonstrasyon noong Hulyo 2004 na naggiit ng pagpapauwi ng

mga tropang Pilipino mula sa Iraq. Noong Disyembre 2004, ilampung batalyon ng militar at pulis ang pinakilos ni Arroyo upang pigilin at hadlangan ang paglahok ng libu-libong mamamayan sa libing ni Fernando Poe Jr., ang pinakamahigpit na karibal ni Arroyo sa nakaraang eleksyon, dahil umano sa planong “destabilisasyon.” Nitong Mayo 2005 naman, muling binuhay ni Arroyo ang multo ng “destabilisasyon” upang sikilin ang pagkilos ng libu-libong manggawa-wang nagtipon para sa Araw ng Paggawa.

Pinatitingkad ng palasak na paggamit ng rehimens sa bantang destabilisasyon ang matinding takot nito sa pagkilos ng mga naghihikahos na mamamayan laluna kung kasama ang mga reaksyunaryong kalaban nito sa pulitika at mga disgustadong pwersa ng gobyerno at militar. Batid ni Arroyo na kung hahayaang yumabong at bumwelo ang samutsaring isyu at iskandalong bumabalot sa kanyang paghahari, kaunting tulak lamang ang kakailanganin upang tuluyan siyang mapatalsik sa poder.

Hindi mapipigil ng anumang palusot, maniobra at pagbabanta ng rehimens ang pagsulpot ng nakayayanig na mga iskandalo dulot ng disgusto ng mga kahati nito sa kabang-bayan at mga kriminal na operasyon. Dahil sa sukduolang pagkagahaman at kasibaan ng pamilya at mga pinakapinapaboran ni Arroyo, hindi na mapipigil ang pagdami pa ng mga anomalya na maisisiwalat ng mga karibal nitong pulitiko at maging mga sarili nitong tauhan at ng iba't iba pang nakakakita at nakatutuklas ng mga ito. Ang bawat isa nito at laluna ang pagtitipon

pon ng mga ito ay batayan na sa pagputok ng sukduolang galit ng mamamayan. Pinakamatindi sa ngayon ang pandarya sa eleksyon na nabulgar sa mga teyp ng Gloria-gate.

Sa pag-aming dumarami ang mga “pakanang destabilisasyon,” pinatitingkad rin ni Arroyo ang maraming mabibigat na isyu laban dito at ang katotohanan na mabuway at tuluy-tuloy na nabubulok ang kanyang rehimens. Alam kapwa nina Arroyo at ng kanyang mga kalaban sa pulitika na makitid at gumegewang ang tuntungan ng kanyang paghahari at nakapananatili lamang ang kanyang rehimens sa pamamagitan ng pagbili ng katapatan ng mga masisiba ring upisyal ng burukrasyang sibil at militar, panlilinlang at pananakot sa mamamayan, at panunupil at pandarahan sa mga lumalaban sa rehimens.

Habang humihina ang kapit ni Arroyo sa poder, lalo namang dadaami ang tangka ng mga karibal niya sa pulitika na agawin sa kanya ang Malakanyang. Dumarami na ang mga lumalantad na grupo mula sa naghaharing uri at iba pang tradisyunal na kakamping sektor na tahanang nagpapahayag ng pagkadismaya sa rehimens kundi man lantaran nananawagan para patalsik na ito. Kabilang dito ang mga retirado at aktibong upisyal-militar, ilang upisyal ng simbahang Katoliko at mga makabayang negosyante, at maging ang signipikanteng seksyon ng mga sosyaldemokrata na dati'y masusugid na tagasuporta ng rehimens.

Ngunit ang pinakamalaking pagmumulan ng destabilisasyon ay ang mga kagagawan ng rehimeng Arroyo mismo. Sa pagpupumilit na ipatupad ang pinakamasasahol na kontra-mamamayang mga patakaran at hakbangin, inuudyukan nito ang malawak na hanay ng mamamayan na mag-aklas upang patalsik siya sa poder.



# Palparan, pusakal na pasistang aso ng rehimen

**I**tinalaga ng rehimeng Arroyo sa Eastern Visayas (EV) ang kilalang berdugo ng Mindoro na si Brig. Gen. Jovito Palparan sa pag-asang madadala niya roon ang ipinagpapalagay ng rehimeng matagumpay na pagwawasak ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro.

Nagkakamali ang rehimeng Arroyo sa pag-aakalang malilipol ng pasistang brutalidad ang mga rebolusyonaryong pwersa sa EV. Tulad ng ginawa nila sa Mindoro, panguahing ginagawa nila sa EV ngayon ang pagbabaling ng mga atake at pamamasista sa mga di-armadong mamamayan at sa mga maslider at aktibista ng hayag na demokratikong kilusan. Samantala, patuloy ang mga tagumpay na nakakamit ng BHB sa pakikipaglabanan sa reaksyunaryong AFP sa EV at lalo pang bumibilis ang rekrutment sa BHB. Ang madilim na lagim na inihahasik ni Palparan kapwa sa kaulusuran at kanayunan ang pinakamabisa ngayong tagapagrekut ng mga Pulang mandirigma sa rehiyon.

Mula pa noong huling bahagi ng dekada 1970, tampok ang EV sa maraming magiting na tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan, laluna sa pagtatayo ng Partido at hukbong bayan, sa pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo, sa pagpapalawak at pagpataas ng antas ng mga organisasyong masa at pagtatayo ng mga lokal na organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampolitika. Ang mga tagumpay na ito na patuloy na napanghahawakan sa mahabang panahon ang nilalayon ng rehimeng mawasak.

Nangangatog ang tuhod ng rehimeng Arroyo sa malawak at patuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Dahil hindi mawasak-wasak ang mga iyon sa pamamagitan ng simpleng paglulunsad ng mga operasyong militar, sinusubok ngayon ng rehimeng ang aplikasyon ng kontra-rebolusyonaryong taktika ng "pag-lilimas ng tubig para mahuli ang isda." Nangangahulugan ito

ng pagbabaling ng atake at pamamasista ng mga reaksyunaryong sandatahang pwersa sa mamamayan sa pag-asang mawalan ng baseng masa ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Partikular na interes din ng mga reaksyunaryong naghaharing uri na mapangalagaan ang mga pang-ekonomyang interes nila sa rehiyon. Isa ang EV sa mga rehiyon na inaasahang pagtutuunan ng maraming "proyektong pangkaunlaran." Sa partikular, ang rehiyon ay isa sa natutukoy na lugar na sagana sa likas na yaman, pangunahin na mga rekuerso para sa pagmimina. Kabilang sa malalaking kumppanya sa mina na nakipag-areglo na sa rehimeng Bauxite Resources, Inc. at Alumina Mining of the Phil., Inc. Nabigyang-laya ang mga kumppanyang ito matapos pagtibayin ng Korte Suprema ngayong taon ang makadayuhan at anti-mamayang Mining Act of 1995. Pinaglalawayan ng rehimeng inaasahan nitong ₱330 bilyong ipapasok na kapital ng mga kumppanya sa pagmimina. May partikular na halaga para sa rehimeng EV lalupa't maraming kumppanya sa mina ang nagpakita ng interes sa mayayamang lupain doon. Pero halos lahat ng pinakamayayamang





rekurso sa pagmimina ay nasa mga lugar kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan. Dagdag na dahilan ito sa gayon kung bakit la-long kailangang bigyan ng espesyal na tungkulin ang katulad ni Palparan para wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Ginawang punong heneral ng 8th ID si Palparan noong Pebrero 10, 2005. Tampok sa rekord ni Palparan ang walang patumanggang paggamit ng pinakabrutal at karmal-dumal na mga paraan sa pakitungo sa mga demokratiko at rebolusyonaryong pwersa. Kaya kapag may plano ang rehimeng na dурugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isang partikular na lugar sa brutal na paraan, si Palparan ang itinatalaga roon.

Bilang masunuring aso ng pasistang rehimeng, agad-agad na naghaisik ng pasistang lagim si Palparan sa Samar at Leyte. Wawalang araw pa lamang matapos siyang matalaga, nagpadala na ito ng mga tauhan upang patayin si Fr. Allan Caparro, ikalawang tagapangulo ng

## Pati ba naman mga bata?

**N**itong Mayo 3, tatlong bata sa Matuguinao, Western Samar ang inabuso ng militar. Pinaghahanap ng militar ang kanilang mga magulang at nang ang mga ito ay hindi mahgilap, pinagbalingan ng mga abusadong tropa ang mga bata. Pinaso ng sigarilyo ang ari ng mga bata.

Noon namang Marso 31, dinukot ng mga tropa ng 34th IB sa Catbalogan, Samar ang mag-asawang sina Nonario at Rina Fabella at ang kanilang mga anak na sina Liza, 8; Marissa, 7; Charisse, 5; at Kulot, 3. Si Rina ay kasapi ng Advocates for Women's Actions, Rights and Empowerment (AWARE), isang organisasyong alyado ng GABRIELA. AB

Promotion of Church People's Response sa EV at isa sa mga pangunahing tumututol sa malawakang pagmimina sa rehiyon. Layunin nitong bigyang-babala ang mga katulad ni Fr. Caparro na nagtataguyod ng karapatang-tao na mahigpit na ipinagbabawal ni Palparan ang anumang pagtutol. Sinundan ito ng sunud-sunod na pamamaslang, pagdukot, arbitraryong pang-aaresto at iligal na pagdedetine, pananakit, panonortyur at panghaharas sa masa sa kanayunan at sa mga ki-

lalang lider at kasapi ng mga demokratikong organisasyon sa mga prubinsya ng Samar at Leyte.

Sa limang buwan pa lamang ng pananatili ni Palparan sa rehiyon, umaabot sa 500% ang itinaas ng bilang ng mga paglabag sa karapatang-tao sa EV kumpara sa kabuuhan ng mga paglabag sa nakaraang taon.

Matapos ang sunud-sunod na krimen laban sa mamamayan ng EV, mapang-insultong inilunsad ni Palparan ang isang programa ng pagpapabango sa imahen ng 8th ID, ang "Kamay, Ngiti, Bati."

Walang naloloko si Palparan sa ganitong mga taktika. Saan man siya magpunta, bumubuntot sa kanya ang mariing pagkundena at paglaban ng mamamayan sa kanyang mga brutal na pamamaraan.

Kapalit ng lantad na lantad na mga paglabag ni Palparan sa karapatang-tao ng napakaraming mamamayan, ginawaran siya ng rehimeng dalawang magkasunod na promosyon. Ginagawa ng Malakanang ang iba't ibang paraan upang mailusot sa Commission on Appointments ang panibagong promosyon kay Palparan tungong *major general*. Ito ang gantimpala ni Arroyo sa kanyang pinakamasugid na pasistang sugo sa Eastern Visayas. AB

## Bigo ang berdugo

**K**ahungkagan ang sinasabi ng AFP na sa pamamagitan ng pasisang brutalid ni Gen. Palparan ay nawasak ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro. Dumanas ng ilang kapinsalaan at kahirapan ang mga rebolusyonaryong pwersa sa isla subalit sa kalakhan ay bigo si Gen. Palparan na wasakin o pilayin man lamang ang rebolusyonaryong kilusan doon.

Ang matagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa Barangay Ligang, Mamburao, Occidental Mindoro noong Pebrero 18, 2005 kung saan dalawang sundalo ang napatay at lima ang nasugatan ay patunay na nananatiling buhay na buhay at relatibong malakas ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro.

Ang di-armadong mamamayan sa Mindoro ang dumanas ng pinakamatinding pinsala sa pagtatangka ni Palparan na pigilan silang sumuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Napakaraming lider at aktibistang masa at karaniwang mamamayan pinatay, dinukot, pinahirapan at tinakot ng kanyang mga tropa. Buu-buong mga komunidad ang pinagbomba, sapilitang pinalikas at tinakot ng lantad at lihim na mga galamay ng berdugo sa Mindoro. AB

# Ang numero unong mangangamkam ng lupa sa Cagayan Valley

**A**ng reaksyunaryong gubyerno ang pangunahing mangangamkam ng lupa sa Cagayan Valley. Ang mga kinakamkam ng gubyerno mula sa mga magsasaka ay ibinibigay o maluwag na ipinagagamit sa mga dambuhalang korporasyon, burges kumprador at panginoong maylupa.

Mahigit isang milyong ektarya ang kasalukuyang inaagaw mula sa mga magsasaka upang bigyang-daan ang mga proyekto at programa ng gubyerno at ng kasabwat nitong mga dayuhang monopolyo-kapitalista at burges kumprador. Sa buong kasaysayan ng rehiyon, walang kapantay ang pangangamkam ng lupa sa rehiyon sa nakaraang 17 taon sa ilalim ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Walang sinasanto ang mangangamkam na gubyerno—may titulo man o wala, inaagaw ang lupa ng mga magsasaka. Isa sa pinakalanganap na mga paraan ng pangangamkam sa buong Cagayan Valley ang pagkansela sa mga Certificate of Land Title (CLT) at Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na naibigay na sa mga magsasaka. Ganoon ang nagaganap sa Hacienda Sta. Isabel at Hacienda San Antonio, Hacienda Maluno, Hacienda Nuesa at iba pa sa Isabela; at sa Hacienda Madrigal, Hacienda Hawkins, Arranz Estate, Pallagao Estate at marami pang ibang asyenda't sa-kahan sa Cagayan.

Iniilit ang daan-daan libong ektaryang lupain kahit nakapagbayad na ng ilampung libong piso ang mga magsasaka para sa amortisasyon sa loob ng ilampung taon. Inaagaw ng gubyerno ang mga lupaing ito upang mapakinabangan ng mga proyektong tulad ng 300,000-ektaryang Cassava Plantation Project ni Eduardo "Danding"

Cojuangco. Saklaw ng proyekto ni Cojuangco ang 21 bayan ng Isabela, 10 bayan ng Cagayan, tatlong bayan sa Quirino at dalawang bayan sa Nueva Vizcaya.

Sa proyektong Coal Mine at Coal-fired Power Plant na sumasaklaw ng 64,000 ektarya sa mga bayan ng Cauayan, Benito Soliven at Naguilian sa Isabela, kasabwat naman ng mga dambuhalang multinasional na korporasyon sa mina ang reaksyunaryong gubyerno sa pang-aagaw ng lupa ng 10,000

pamilyang magsasaka. Nanganganib naman ang 26,000 ektarya ng mga bayan ng Gonzaga at Sta. Ana sa hilagang Cagayan na pilit sinasakop ng Cagayan Economic Zone Authority (CEZA). Dati nang idineklara ng Bureau of Lands na tiwangwang at abandonado ang mga lupaing ito kaya pinusisyunan ito, hinawan at sinaka ng mga magbubukid na Ilokano at mga minorya mula sa Ifugao, Bontoc, Benguet at Abra mula pa noong dekada 1970. Nais pakinabangan ng CEZA ang matabang lupa, mayamang mga palaisdaan at iba pang mga

rekurso sa naturang mga bayan.

Isa ring malaking negosyo sa Cagayan Valley ang panggagantso sa mga magsasaka upang maagaw ang kanilang lupa. Sa tipak-tipak na baryo sa Gitnang Isabela, halimbawa, ginagamit ng mga sindikatong kasabwat ng Department of Land Reform (DLR), Land Bank at Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang *voluntary offer to sell* (VOS) ng CARP upang lansihin ang mga magsasaka na magbayad upang ipasarbey ang lupang malaon na nilang sinasaka at mabiyayaan na sila ng titulo. Pinepresyuhan ng ₱30,000 ang bawat ektarya na pababayaran sa mga magsasaka ng ₱500 tuwing anihan sa loob ng 30 taon. Tinatatakom ang mga magsasaka na kapag hindi sila pumayag dito ay kukumpiskahan ang kanilang lupa. Iniilit ang lupa ng mga magsasaka na napipilitang pumaloob sa iskemang VOS na hindi makapagbayad

ng amortisasyon. Ang inilit nilang lupa ay ibinibigay sa mga lokal at dayuhang negosyante. Ayon sa mga pananaliksik, umaabot sa ₱502,000 bawat lote ang kinikita ng sindikato, DLR, DENR at Land Bank mula sa pagpapabayad ng pasarbey at huwad na pagpapatitulo ng mga lupa.

Kinakamkam naman ng ilang dayong pamilya at ahensya ng gubyerno ang 15,303 ektarya ng 30,000-ektaryang Sandoval Estate sa Isabela at Nueva Vizcaya. Bukod sa pamilya Sandoval at tatlo pang ibang pamilyang umaagaw sa





3,892 ektarya rito, may kani-kan-ya ring tipak na kinakamkam ang Philcacao (4,000 ektarya), Bureau of Lands (1,750 ektarya) at Bureau of Forest Development (5,661 ektarya) ng reaksyunaryong gub-yerno. Ang mga pamilyang na-ngangamkam ng lupa rito ay may hawak na mga huwad na titulo na nakuha nila sa pakikipagsabwatan ng reaksyunaryong korte.

Sa marami ring pagkakataon, binabago upang mapataas ang balwasyon o pagpepresyo sa lupa at muling pinagbabayad ng mas mahal na amortisasyon ang mga magsasaka direkta sa panginoong maylupa. Sadyang pinahirapan ang mga magsasaka upang mapapayag sila sa kagustuhan ng gub-yerno at mangangamkam na panginoong maylupa at burges kum-prador. Tampok na halimbawa nito ang 64,597 ektarya sa Mallig Plains, Isabela na target patamnan ng kamoteng kahoy ni Danding Cojuangco.

Mahigit 65% din (1.7 milyong ektarya) ng kabuuang 2.6 milyong ektarya sa rehiyon ay pilit ikinalasipika bilang kagubatan kahit malaon na itong binubungkal at pinauunlad ng mga magsasaka. Ipinaiilalim ito sa mga iskema tulad ng Community-Based Forest Management, Integrated Socialized Forestry at iba pang proyekto ng gub-yerno na naglalayong buhayin muli diumano ang kagubatan subalit ang tunay na pakay ay agawin ang lupa ng mga magsasaka.

Maliban sa pangangamkam ng gub-yerno, naiilit ang parse-parse-lang lupa ng mga magsasaka bilang pambayad sa utang na nagpapatung-patong bunsod ng pag-sirit ng gastos sa pagsasaka. Sa kawalan ng suporta ng gub-yerno sa mga magsasaka, napapasaka-may ng mga komersyante-usurero ang mga lupaing ikinabuhay ng milyong pamilya sa rehiyon. **AB**


## Terorismo ng US

**W**ala sa interes ng imperyalismong US na pahupain ang kaguluhan at karahasan sa Iraq o saan mang bahagi ng mundo. Katunayan, mismong ang US ang nang-uupat at nagsisimula ng mga kaguluhan at karahasan upang patuloy na bigyang-katwiran ang panghihimasok at pananakop nito, palakasin ang pagsandig ng mga tu-tang estado sa suportang militar at pulitikal nito at sagkaan ang pag-sulong ng mga tunay na kilusang anti-imperialista at demokratiko.

Noong 2002, isinangkalan ng rehimeng Bush ang mga teroristang atake sa US upang itayo ang Proactive, Preemptive Operations Group (P20G), isang sikretong hukbo ng mga operatiba ng Central Intelligence Agency (CIA) at militar ng US. Tinatawag itong *“proactive”* dahil sa oryentasyon nitong hindi pandepensa, kundi aktibong gumagawa ng mga paraan para maghanap ng kalaban at mang-upat ng gulo; at *“preemptive”* dahil sa oryentasyon nitong *“unahan ang kala-ban”* bago ito makatake o kahit bago ito makaporma man lamang. Direkta itong pinamunuan ni US Secretary of Defense Donald Rumsfeld upang mag-sagawa ng mga lihim na operasyon militar, pani-niktitik, panlalansi at disimpormasyon na gagatong sa patinding kaguluhan at karahasan sa buong mundo.


Ayon sa mga pananaliksik, tungkulin ng P20G ang maglunsad ng karahasan, tulad ng mga asasinasyon at pananabata-he, upang udyukan ang mga gru-pong binansagan nitong *“terorista”* na magsagawa ng mga ganting operasyon. Ang mga operasyon ng P20G ay pinalalabas na kagagawan ng mga *“terorista”* laban sa mga inosenteng sibilyan. Bukod sa paraan ito para siraan ang kala-ban, ginagamit pa ng US ang nali-khang karahasan at kaguluhan upang higit pang takutin ang mamayan at bigyang-katwiran ang panghihimasok ng mga pwersa ng US at paggamit ng mga mapanupil na mga patakaran at pamamaraan.

Ayon sa mga manunuri ng US, ang mga operasyon ng P20G ay maihalalintulad sa ilang dekadang kara-hasang isinagawa sa ilalim ng Operation Gladio mula 1952. Kunwa'y idiniseno ng US at ng NATO ang Operation Gladio upang magtayo ng mga armadong organi-sasyon upang labanan ang posibleng pag-atake ng Soviet Union sa Western Europe. Sa katunayan, pangunahing laman ng Gladio ang pagpopondo sa malilit ngunit patnikong mga anti-ko-





**Direkta itong pinamunuan ni US Secretary of Defense Donald Rumsfeld upang magsagawa ng mga lihim na operasyong militar, paniniktitik, panlalansi at disimpormasyon na gagatong sa papatinding kaguluhan at karahasanan sa buong mundo.**



unistang grupo upang magsawa ang mga ito ng pambobomba na maaaring isisi sa mga makakaliwang grupo. Sa gayon, masisindak ang mamamayan habang mapipigilan ang paglakas ng kapangyarihang pampolitika ng naturang mga grupo. Pinakatampok na halimbawa nito ang pambobomba sa isang tren sa Italy noong 1980 na pumatay ng 85 katao. Kaagad itong isinihihiwa sa mga "makakaliwang elemento" ngunit kalauna'y lumabas sa imbestigasyon na gawa ito ng isang ultra-Kanang grupong naka-pailalim sa Operation Gladio.

Ganito rin sa esensya ang "Operation Northwoods," isang sikretong operasyon ng US na isinagawa noong 1963 laban sa Cuba. Ginamit dito ang mga pambobomba, pag-oorganisa ng maliliit na grupong vigilante, pagpatay ng mga inosenteng sibilyan at kung anu-anong pang mga nakahihindik na taktika upang bigyang-katwiran ang pagsalakay sa Cuba.

Pagsapit ng 1970, bahagi na ng manwal ng US Army ang paggamit ng mga samutsaring "teroristang pang-aatake" at pagbubunton ng sisi sa mga "komunista at sosyalista." Sa panahong ito, nagsagawa ng mga teroristang pang-aatake at pagtatanim ng mga ebidensya ang mga operatiba ng US at NATO sa Western Europe upang kumbinsihin ang mga lider doon sa mga "kasa-maan ng komunismo". Itinatanggi ngayon ng US ang pagkakaroon ng gayong dokumento.

**Terorismo sa ngalan ng anti-terorismo.** Habang tumitindi ang paglaban ng mga Iraqi, lalo ring nagiging walang pakundangan ang paggamit ng terorismo ng US sa ngalan ng anti-teroristang gera at patuloy na pananakop nito sa Iraq. Bukod sa walang patawid na paghuhulog ng mga bomba at pagpasabog ng mga gusali sa mga pinagsususpectsahang base ng mga gerilyang Iraqi tulad ng ginawa nito sa syudad ng Falluja, nagsasagat

wa rin ang US ng marurumi, marahas at brutal na pakana upang paigtingin ang mga tunggaliang etniko sa Iraq. Lihim na nagtatanim ng mga bomba ang mga tropang Amerikano sa mga sasakyang sibilyang Iraqi at pinasasabog ang mga ito sa gitna ng maraming tao. Isinisisi ang mga ito sa mga gerilyang Iraqi upang siraan ang mga lumalaban sa US at pag-away-awayin ang mga sibilyang sumusuporta sa armadong pakikibaka. Gayundin, nagpapatupad ng iba't ibang hakbangin ang mga awtoridad ng US sa Iraq upang patingkarin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupong etniko sa Iraq.

Sa Pilipinas, makailang beses nang lunitaw ang pagkakasangkot ng mga lihim na operatiba ng US sa mga teroristang pambobomba sa mga pampublikong lugar, kasabvat

## **Mga sikreto nina Bush at Blair, nabunyag**

**M**alaon nang napabulaanan ang mga kasinungalingan ng rehimeng Bush at kasapakat nitong rehimeng Blair ng United Kingdom kaugnay ng pagsalakay nila sa Iraq. Ngayong buwan, nabunyag ang katitikan ng isang sikretong pagpupulong nina Prime Minister Tony Blair at kanyang mga tagapayo na nagdedetalye ng planong pagsalakay at mga taktikang militar ng US, walang buwan bago aktwal na lusubin ang Iraq.

Malinaw sa naisapublikong dokumento na sadyang dinuktor nina Bush at Blair ang mga lumabas na "ebidensya" laban sa Iraq. Sistematisko silang naghabi ng mga kasinungalingan upang takutin ang mamamayan ng mundo at bigyang-katwiran ang pananalakay.

Ayon sa mga dokumento, noong Hulyo 2002 ay tumanggap ng ulat si Blair na determinado ang US na maglunsad ng gera upang ibagsak ang gubyerno ni Saddam Hussein sa Iraq at isasangkalan nito ang terorismo at ang isyu ng *weapons of mass destruction* (mga armas para sa malawakang pamiminsala). Kaugnay nito, iniulat din na "iniaayos pa ng US ang mga ihaharap na datos para sa patakaran" ng gera. Binanggit din sa ulat kay Blair na walang pasensya ang US na pumaloob sa mga proseso ng United Nations.

Dahil sa pagkakabunyag ng mga dokumentong ito, lumalakas ang panawagan ng mamamayan sa UK na patalsikin sa pwesto si Blair.

AB

ang kanilang mga tuta sa reaksyunaloyong hukbo.

Pinakamatingkad na halimbawa ang kaso ni Michael Meiring, isang espesyal na ahente ng US na nakaistasyon sa Davao noong 2002. Pangunahing papel ni Meiring ang magsanay at magpondo ng mga pambobomba sa Mindanao upang bigyang-katwiran ang tuluy-tuloy na presensya ng mga tropang militar ng US sa isla. Nabunyag lamang ang papel ni Meiring sa mga teroristang aktibidad dahil aksidenteng sumabog ang kinukumpuning bomba sa loob ng kanyang kwarto sa isang hotel noong Mayo 2002. Matapos malantad, dali-dali siyang kinuha at ipinruslit palabas ng bansa ng mga ahente ng Federal Bureau of Investigation ng US.

Bago ito, sunud-sunod ang pambobomba sa Mindanao. Sa General Santos City, may sumabog na bomba noong April 21, 2002 na pumatay ng 15 katao. May mga pambobomba rin sa Cotabato at Maynila na inako ng Indigenous Peoples' Federal Army, isang di kilalang grupong walang koneksi saan mang armadong grupo sa Mindanao. Nagsimulang lumabas ang pangalan nito noong Disyembre 2004, kasabay sa pinakahulugan ng pagpasok ni Meiring sa bansa.

Sa sulsol din ng US, nagsagawa ang gubyernong Arroyo ng mga pambobomba upang ibintang sa mga "terorista" at bigyang-katwiran ang mapanupil nitong mga patakaran. Sangkot sa mga pambobombang ito sina Gen. Angelo Reyes, noo'y Secretary of Defense, at Gen. Victor Corpus, hepe noon ng Intelligence Service of the AFP. Kabilang sa mga operasyong kinasangkutan niya ang pambobomba sa Sasa Wharf sa Davao City noong 2003 at ang pagpapasabog noong Pebrero 14, 2005 sa mga lunsod ng Makati, Davao at General Santos.

AB

## 7 M16, nasamsam ng BHB sa ambus sa Ilocos Sur

Pitong ripleng M16 ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma nang matagumpay nilang tambangan ang mga tropa ng "C" Coy ng 50th IB sa makasaysayang Bessang Pass sa Barangay Malaya, Cervantes, Ilocos Sur nitong Hunyo 13.

Ang pananambang ay agarang inihanda ng mga gerilya nang matunugan ang pagpasok ng mga sundalong sakay ng isang siks-bay upang magsagawa ng *clearing operation* sa erya.

Ayon sa Alfredo Cesar Command, pamprubinskyang kumand ng BHB, ang taktikal na opensiba ay kaparusahan sa malulubhang krimen ng 50th IB sa mamamayan ng bayang Cervantes at Quirino. Salik sa tagumpay ng ambus ang masiglang pagsuporta ng mama-mayan ng dalawang bayan.

Siyam na pasistang sundalo ang napatay sa labanan at tatlo ang nasugatan kabilang si 2Lt. Emmanuel Lattay, kumander ng yunit na nag-operasyon.

## Patuloy ang welga ng mga manggagawa ng Lepanto Mines


ILANG manggagawa ang dinahas nang tangkain ng Benguet PNP na buwagin ang piket ng mga nagwelgang unyonista ng Lepanto Consolidated Mining Company (LCMC) sa Mankayan, Benguet nitong Hunyo 20. Ang LCMC ang pinakamalaking kumpanya sa pagmimina ng ginto sa bansa.

Nagrerekut na rin ang kumpanya ng mga bagong manggagawa para ipalit sa mga nagwelgang. Samantala, patuloy na parali-sado ng welga ang operasyon ng kumpanya. Iginigiit ng mga manggagawa sa pamamagitan ng kanilang unyon, ang Lepanto Employees Union (LEU), ang hindi baba-ba sa ₱29 dagdag sa arawang sa-hod sa una at ikalawang taon at ₱33 sa ikatlong taon, ilan pang mga regular na benepisyo at ang pagbabalik sa trabaho ng mga tinanggal na lider ng unyon.

Hindi matanggap ng mga manggagawa ang lubhang maba-bang alok ng kumpanya na ₱21 at maging ang itunutulak ng Department of Labor and Employment (DOLE) na ₱25 umento sa unang taon lamang.

Idinadahilan ng kumpanya na nalulugi sila. Pero ayon sa pagsisiyasat ng KMU-Cordillera, kumita ang kumpanya ng ₱2,573 milyon noong 2003 at may mga aplikasyon pa ito sa pagpapalawak ng kanilang operasyon sa karagdagang mahigit 240,000 ektarya.

Determinado ang mga manggagawa na ipaglaban ang kanilang mga interes at ituluy-tuloy ang kanilang welga hangga't hindi nila nakakamit ang hinihingi nilang makatarungang sa-hod, mga benepisyo, at laluna ang pagbabalik sa trabaho ng mga sinisanteng lider nila.



*Editoryal*

## Samantalahan ang pampulitikang krisis ng rehimeng US-Arroyo

**A**ng pagkabunyag ng mga *audio tape* na tumutukoy sa tuwirang pagkakasangkot ni Gloria Arroyo at pakikipagsabwan niya sa mga upisyal ng COMELEC sa pandaraya sa halalang 2004 ay lalong nagpapasidehi sa krisis pampulitika ng rehimeng US-Arroyo. Ito na ang pinakamalaki sa sunud-sunod na mga iskandalong kagagawan ng rehimen. Labis itong naka-panggagalit sa mamamayan at yumayanig ngayon sa rehimen. Pumutok ito halos kasabay ng pagkakalalantad ng tuwirang pagkakasangkot ng pamilyang Arroyo sa hwteng.

Nasa bingit ng pag-bagsak ang rehimeng Arroyo. Lubha na itong nahihiwalay sa mama-mayan at lalo pa itong nahihiwalay sa mga tangka nitong ilagan ang mga iskandal. Palawak nang palawak ang hanay ng mama-mayanang naninindigan, determinado at kumikilos upang igiit ang pagpapatalsik sa bulok, papet at pasistang rehimeng Arroyo.

Ang pagbubunyag ng pandaraya ni Arroyo sa eleksyon at pagkakasangkot ng kanyang pamilya sa hwteng ay gumagatong sa galit ng mamamayan. Ang ma-



**Mga tampok sa isyung ito...**

Iskandal sa hwteng at ang 'Gloria-gate'

PAHINA 4

Protestang anti-Arroyo, lumalawak

PAHINA 5

Palparan, pusakal na pasista

PAHINA 8

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)